ANG Bayan
PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO TSETUNG

Aklat III, Bilang 3 Marso 30, 1971

PAHAYAG SA IKALAWANG ANIBERSARYO
NG BAGONG HUKBONG BAYAN

MENSAHE SA BAGONG HUKBONG BAYAN
MULA KAY KASAMANG DANTE, PUNONG KUMANDER

ULAT NG RADYO PEKING
UKOL SA BAGONG HUKBONG BAYAN

BALIK - ARAL SA KASAYSAYAN
NG BAGONG HUKBONG BAYAN

I n i l a t h a l a n g
KOMITE SENTRAL NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
G i t n a n g L u s o n

## PAHAYAG SA IKALAWANG ANIBERSARYO NG BAGONG HUKBONG BAYAN

Sa ikalawang anibersaryo nito, masiglang ipinagbubunyi ng Bagong Hukbong Bayan ang mga pinaghirapan nitong tagumpay na pampulitika at pangmilitar laban sa imperyalismong Amerikano, piyudalismo at burukratang kapitalismo at mapagkumbabang pinag-aaralan ang rebolusyonaryong karanasan nito sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Matatag na isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan ang dakilang rebolusyonaryong tradisyon ng mamamayang Pilipino at ng hukbong bayang itinatag noong may 29 na taon nang nakalilipas upang ipagtanggol ang mga mamamayan at labanan ang mga mananalakay na pasistang Hapones. Sa loob ng dalawang taon sapul nang ito'y itatag noong Marso 29, 1969, ang Bagong Hukbong Bayan ay nagkamit ng mayamang karanasan na mapagkukunan ng mga wastong aral at patakaran para sa isang bago at lalong masiglang pagsulong.

Ang ganap na pagbagsak ng bandidong pangkating Taruc-Sumulong na hindi man umabot sa dalawang taon matapos nating ito'y malawakang pinuna at itinakwil ay ganap na nagpapatunay sa katumpakan ng pagtatatag ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng isang Partido Komunistang pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Ang pagpapasidhi ng rebolusyonaryong sandatahang pakikitunggali ng Bagong Hukbong Bayan ay yumayanig sa imperyalismong Amerikano at mga katutubong reaksiyonaryo na kasalukuyang gumagamit ng pasistang kampanya ng panunupil sa desesperadong pagtatangkang takpan ang kanilang malubhang krisis na pangkabuhayan at pampulitika. Ang mga kampanya sa "pagkubkob at panunugpo" na inilunsad ng reaksiyonaryong sandatahang lakas laban nang pangunahin sa Bagong Hukbong Bayan ay pinaigting alinsunod sa utos ng imperyalismong Amerikano at ng pasistang papet na pangkating Marcos.

Sa kabila ng marahas na pananalakay ng kaaway, ang Bagong Hukbong ay patuloy na lumalaki nang higit sa inaasahan. Ang pagtitipon ng mga puwersa ng kaaway sa Gitnang Luson mula nang itatag ang Bagong Hukbong Bayan ay hindi sumira sa mga rebolusyonaryong puwersa roon kundi nagbigay-daan pa sa mabilisang pag-unlad ng mga nasa ibang lugar, lalung-lalo na yaong nasa Hilagang Luson. Ang mga sandatahan at di-sandatahang pangkat pampropaganda ay walang-pagod na kumikilos sa mga rehiyong tulad ng Timog Luson, Visayas at Mindanao upang paunlarin ang pakikidigmang gerilya.

Sa kanayunan, ang Bagong Hukbong Bayan ay matatag na sumusulong nang paalon-alon mula sa mga itinakdang sentro ng sandatahang pakikibaka. Kaagapay ng sandatahang pakikibaka ang pagsasakatuparan ng programa ng rebolusyong agraryo at ang pagtatayo ng mga baseng rebolusyonaryo. Pinupukaw at pinakikilos ng Bagong Hukbong Bayan ang masa ng mga magsasaka; inoorganisa ang mga pampurok na organo ng kapangyarihang pampulitika; nililipol ang mga tropa ng kaaway, mga lokal na despota at mga masasamang elemento; pinabababa ang upa sa lupa at interes sa pautang bilang paghahanda sa pagsasagawa ng lalo pang mababagsik na hakbangin laban sa uring panginoong maylupa; at lumilikha ng mga base at sonang panggerilya na kung saan ang mga iskuwad ng gerilya at platun ng gerilya ay mabilis na napapanday sa karanasan.

Ang rebolusyonaryong kilusan ng mga manggagawa, estudyante, intelektuwal at iba pang makabayan sa mga lunsod ay maagap na lumilikha ng mga kadreng sumasama sa mga kadreng nasa kanayunan na. Habang ang imperyalismong Amerikano at ang pasistang papet na pangkating Marcos ay lalong malimit na gumagamit ng mga makahayop na hakbanging militar, parami nang paraming mga kadre ang maaasahang sasagot sa banta ng batas militar sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmaang bayan.

Bilang reaksiyon sa pag-unlad ng Bagong Hukbong Bayan, ang mga katutubong ahente ng makabagong rebisyonismong Sobyet, ang mga taksil na rebisyonistang Lava, ay umampon ng sandakot na ahente ng kaaway, ang pangkating Armeng Bayan-Monkees, bilang kanilang mga sandatahang butangero sa lunsod at sa kanayunan. Samantalang ang mga katutubong taksil na rebisyonista ay nagpupuputak ukol sa kanilang katapatan sa imperyalismong Amerikano at sa mga katutubong alipuris nito, lalo na ang pasistang papet na pangkating Marcos, ang kanilang "mapayapang" pakikitunggali ay lalong nalalantad na

walang-kaibhan sa kontra-rebolusyonaryong karahasan sa paraang ang"pagka-mapayapa" ni Karushchov ay lumitaw na kontra-rebolusyonaryong karahasan ni Brezhnev.

Dahil sa mga nakaraang kamalian at kabiguan ng mga maka-Lava na halinhinang nagumon sa Kanang oportunismo at "kaliwang" oportunismo at nagwasak sa rebolusyonaryong sandatahang lakas na naitatag sa anti-pasistang digmaang pagtatanggol laban sa Hapon, ang Bagong Hukbong Bayan ay halos walang minanang regular na sandatahang lakas mula sa mga naunang rebolusyonaryong pakikitunggali at walang gaanong pinagsimulan kundi mangilan-ngilang datihan at baguhang kadre ng Partido at Pulang kumander at mandirigma. Ang Bagong Hukbong Bayan ngayon ay kailangang masigasig na magsumikap sa pagtatatag ng mga regular na puwersang makilos mula sa mga pagpupunyaging panggerilya nito. Kung isasalarawan ang dalawang pangunahing estratehikong yugto, ang digmaang bayan sa unang yugto ay magiging depensibo at pangunahing nag-aanyong pakikidigmang gerilya at sa ikalawang yugto ay higit na magiging opensibo at pangunahing nag-aanyong regular na pakikidigmang makilos.

Kahit na sa unang yugto, dapat magkaroon ng mga pagpupunyaging magtatag ng mga regular na puwersang makilos nang bai-baitang at isakatuparan ang mga pangangailangan para sa paglikha ng mga nasasandatahang malayang pamahalaan. Hindi maiiwasan ang pagsulpot ng mga regular na puwersang makilos sapagkat ang pagtitipon ng mga tropa ay kailangan sa pagpapanatili ng estratehikong pagtatanggol at sa paglulunsad ng mga taktikal na pagsalakay.

Isinasaalang-alang ng Bagong Hukbong Bayan ang suliranin ng pagtatatag ng hukbo nang hindi hiwalay sa iba pang mga mapagpasiyang suliranin tulad ng pagtatatag ng Partido at ng nagkakaisang prente. Ang mga organisasyon ng Partido ay dapat itatag sa loob ng Bagong Hukbong Bayan at ang mga ito ay dapat tumulong sa pagtatatag ng mga organisasyon ng Partido sa mga lokal na purok. Bagamat wala pang marahas na hidwaan na humahati sa mga reaksiyonaryo mula sa pambansang sentro hanggang sa mga munisipalidad, tiyak na mayroon namang mga marahas na hidwaan ng mga reaksiyonaryo sa saklaw ng lalawigan, distrito o bayan na magagamit nang mahusay upang makatulong sa paglikha ng pinakamalawak na nagkakaisang prente mula sa isang maliit na purok tungo sa iba pa at upang iwasang mapahiwalay ang Bagong Hukbong Bayan.

Mahigpit na tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan na magpatuloy sa paglulunsad ng sandatahang pakikibaka; gumawa ng mga matatag na hakbang sa rebolusyong agraryo at sa pagtatatag ng mga rebolusyonaryong base; at tumulong sa pagtatatag ng pinakamalawak na nagkakaisang prente upang ihiwalay ang mga pusakal na kaaway. Ang pagsasanay na pampulitika't pangmilitar ay dapat isagawa nang regular at nang malimit upang lumikha ng higit na maraming Pulang kumander, mga pinunong pampulitika at mga Pulang mandirigma at sa gayo'y mapapatatag ang Bagong Hukbong Bayan habang ito'y nagpapalawak.

Ang Bagong Hukbong Bayan ay dapat tumahak sa landas ng pag-agaw ng kapangyarihan na binuksan ni Kasamang Mao at binigyang-liwanag niya: sa ilalim ng pamumuno ng partido ng proletaryado, pukawin ang masa ng mga magsasaka sa kanayunan upang magbunsod ng digmaang gerilya, magbunsod ng rebolusyong agraryo, magtatag ng mga base sa kanayunan, gamitin ang kanayunan sa pagkukob ngmga lunsod at kunin sa wakas ang mga lunsod.

Sa pandaigdigang saklaw ng Asya, Aprika at Amerika Latina, ang Pilipinas ay maituturing na bahagi ng malawak na kanayunan ng daigdig kung saan tiyak na matatagpuan ang mga pinakamahinang kawing ng paghaharing imperyalista ng Estados Unidos. Sa kanayunan ng Pilipinas ay napakainam ang mga kalagayan para sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan upang pukawin ang masa at magiting na sumulong. Maging sa mga lunsod ng Pilipinas ngayon, ang mga hindi pa napapantayang rebolusyonaryong pakikitunggaling pangmasa ay lumaganap na nang may ibayong laki at tapang. Ang matinding paghihirap ng malawak na masa ng mga mamamayan ay sumisigaw para sa rebolusyonaryong kalutasan--ang demokratikong rebolusyon ng bayan.

Sa ilalim ng rebolusyonaryong diwa ng proletaryong internasyonalismo, ang Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay nagtuturing sa sariling bahagi ng rebolusyong pandaigdig laban sa imperyalismong Amerikano, makabagong rebisyonismo na nakahimpil sa Unyong Sobyet at lahat ng reaksiyonaryong puwersa. Pinakamimithi nito ang rebolusyonaryong tagumpay ng mga mamamayang Indo-Tsino ng Biyetnam, Kambodya at Laos; ng mga mamamayan ng Timog-Silangang Asya sa pangkalahatan; ng mga mamamayang Palestino at Arabe; ng mga mamamayang Hapones at Koreano; ng mga mamamayang Amerikano; at ng lahat ng iba pang mga mamamayan ng daigdig. Walang pag-urong sa martsa ng pandaigdigang rebolusyon; ang Tsina ay nakatayong di-magagapi at pinakamaaasahang muog ng sosyalismo at ng pakikitunggaling anti-imperyalista.

Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas!

Lipulin ang mga tropang kaaway, mga despotang lokal at mga masasamang elemento!

Lumikha ng higit na marami pang mga base at sonang panggerilya at matatag na sumulong nang paalon-alon!

Gumawa ng mga matatatag na hakbang sa magiting na pagpapakilos ng uring magsasaka para sa rebolusyong agraryo!

Magtatag ng mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihan ng mga mamamayan!

Palakasin ang Partido sa loob ng hukbo at palakasin ang Partido sa mga lokal na purok!

Magsagawa ng pagsasanay na pampulitika't pangmilitar nang regular at malimit!

Lumikha ng higit pang maraming Pulang kumander, pinunong pampulitika at Pulang mandirigma!

Paunahin ang mga pampropagandang pangkat sa paglikha ng mga sandatahang pangkat!

Huwag matakot maging sa kahirapan o sa kamatayan man!

Umasa sa sariling pagsusumikap!

Mabuhay ang demokratikong rebolusyon ng bayan!

Ibagsak ang imperyalismong Amerikano, makabagong rebisyonismo at lahat ng reaksiyon!

Mabuhay ang pakikibakang anti-imperyalista ng lahat ng mamamayan ng daigdig!

BAGONG HUKBONG BAYAN
Ika-29 ng Marso, 1971

## MENSAHE SA BAGONG HUKBONG BAYAN
**Ni Kasamang Dante**
**Punong Kumander, Bagong Hukbong Bayan**

Mga mahal na kasama at Pulang mandirigma:

Masigla at militanteng pagbubunyi ang pagdiriwang natin ngayon sa ikalawang taong anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan buhat nang mabuo ito noong ika-29 ng Marso, 1969 at pormal na pinagtibay ng Komite Sentral ng ating muling itinatag na Partido noong nakaraang ika-12 at 13 ng Mayo, 1969 sa Unang Panlahatang Pulong nito. At ito'y bilang pagdiriwang din natin sa ikalawang taong sandatahang pakikitunggali ng mga mamamayan laban sa mga imperyalistang Amerikano, panginoong maylupa at burukratang kapitalista, sa ilalim at pangunguna ng ating muling itinatag na Partido Komunista.

Matagumpay na nabuo ang unang nukleo ng ating Bagong Hukbong Bayan sa tamang pamamatnubay ng ating muling itinatag na Partido. Buhat sa ilang masigasig at desididong mandirigma at kumander ng HMB na may marubdob na pagnanais na tahakin ang tamang rebolusyonaryong linya upang maipagpatuloy ang rebolusyon bilang pagkilala sa katumpakan ng teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at sa pagiging taksil ng palasukong lideratong Taruc-Sumulong na tahasang itinakwil at kinondena.

At sa kabila ng mga mapanlinlang at mababangis na tangkang panunupil at pagdurog ng nagsasabuwatang lakas ng kaaway, kontra-rebolusyonaryong pangkating Taruc-Sumulong at ang Armeng Bayan-Monkees-Masaka ng rebisyonistang pangkating Lava, di lamang buong giting na napanatili ang ating maliit na pangkat, kundi nagawa pa nating mapalakas, mapatatag at mapalawak ito hanggang sa kasalukuyang kalagayan. Ang dahilan nito ay walang iba kundi ang tamang rebolusyonaryong linya at pamamatnubay ng ating rebolusyonaryong Partido na matibay na naninindigan sa Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, ang rebolusyonaryong kaisipan ng uring proletaryado sa buong daigdig.

Subalit kaalinsabay ng pagkakataong ito, buong sigla at kasiyahan din naman nating ipinagdiriwang ang ika-29 na taong pagpapatuloy ng sandatahang pakikihamok ng sambayanang Pilipino, buhat nang itatag ang Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon noong Marso 29, 1942 na muling pinangalanang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan, at naging Bagong Hukbong Bayan sa kasalukuyan.

Sa kabila ng mga kamalian sa pamamatnugot ng naunang liderato sa nakaraang dalawang yugto ng sandatahang pakikibaka (pakikidigma laban sa Hapon noong 1942-45 at pakikidigmang laban sa imperyalismo, piyudalismo at burukratang kapitalismo mula ng 1946 hanggang sa huling sandali ng taong 1968), mamamalas natin ang di-magagapi at di-mahahadlangang sandatahang pagpupunyagi at katapangan ng mga mamamayang Pilipino upang makamit ang tunay na kalayaan at kasarinlan. Malalantad din ang katotohanang ito kung susulyapan natin ang mahigit na 450 taong walang-patid na pakikihamok ng mga mamamayan ng Pilipinas laban sa iba't ibang dayuhang mananakop. Kaya't ang rebolusyonaryong kagitingan ng ating kababayan ay ating tularan at ang mapulang landas na kanilang tinahak ay ating sundan hanggang sa tagumpay.

Sa kabuuan, ang nakaraang 29 na taong sandatahang pakikibaka na ating ipinagdiriwang ngayon, buong-pusong pinaparingalan at ipinagbubunyi natin ngayon ang ating mga kauring nagpakasakit at nag-alay ng kanilang buhay sa pakikihamok alang-alang sa pambansa at makauring rebolusyon. Di-maipagkakaila na sila'y nag-ambag nang malaki sa pagsulong ng rebolusyon ng mga mamamayan, manapa'y nag-iwan sila ng mga mahahalagang karanasan at dahil sa mga karanasang ito tayo ay nakapagbuo ng mga tamang balak at pamamaraan sa pagsasagawa. Bukod dito, ang kanilang mga ipinamalas na kawalang-sawa sa kahirapan at kawalang-takot sa harap ng panganib at kamatayan dahil sa kanilang matapat na hangaring mapalaya ang sambayanan at durugin ang pagsasamantala ng mga uring mapang-api ay nagsisilbing inspirasyon sa atin sa pagpapatuloy ng kanilang makatarungang layunin.

Ang mga karanasan nila ay napakahalagang pag-aralan at maging mga paala-ala sa ating pagsulong lalo na ang mga kamaliang kanan at "kaliwang" oportunismo, ang ibig sabihi'y konserbatismo at abenturismo sa hukbo. Gayon din naman ang mga maling linyang tulad ng kaisipan ng lagalag na rebelde, komandismo, empirisismo at gawing-bandido ay natutuhan nating bakahin at iwasan at naging mapagpasiyang dahilan upang lalong may pagpupunyagi at pagsusumikap nating mapataas ang pang-ideolohiya at pampulitikang kamalayan at kahusayan ng mga kasama.

Mula sa pagiging mababaw at nagdadalawang-loob na paninindigan, natutuhan nating maging malalim at matatag sa rebolusyonaryong paninindigan; sa pamamagitan nito, nagkaroon tayo ng kakayahang makilala at hadlangan ang rebisyonismo, oportunismong kanan o "kaliwa" at iba't ibang anyo ng kontra-rebolusyonaryong kaisipan. Natutuhan natin ang magbalangkas ng tamang estratehiya at taktika para sa pakikidigmang gerilya para sa kabuuan ng digmaang bayan.

Sa pangkalahatan, nakamana tayo ng napakaraming karanasan na kailangang tandaan at maging paala-ala sa ating mga pagsasagawa upang hadlangan at iwasan ang mga di-kinakailangang pagkakamali at kahinaan at upang manalagi tayong tumatahak sa tamang linya at maging tunay na mga rebolusyonaryo.

Sa loob ng nakaraang dalawang taon, ang ating hukbo sa ilalim ng pamumuno ng ating Partido ay kapuwa nagkamit ng mahahalagang tagumpay at karanasan sa larangan ng pakikibaka. Buhat sa isang maliit na sandatahang pangkat na kumikilos lamang sa isang dako, tayo ay umunlad nang may-ibayong lakas at buong kahusayang kumikilos sa halos labindalawang estratehikong dako ng kapuluan sa kasalukuyan. Ang ating mga mandirigma at kumander sa hukbo ay patuloy na umuunlad sa kanilang kaisipan at kamulatang rebolusyonaryo. Patuloy ang pagtaas ng kanilang rebolusyonaryong kakayahan, katatagan at kahusayan sa larangan ng pakikilaban, pagpapakilos ng masa, pagtatayo ng kapangyarihang pampulitika ng mga mamamayan at paglikha ng mga lokal na sangay ng Partido. Ang demokratikong kilusan sa ating hukbo ay matagumpay na inilulunsad at pasulong na isinasagawa, ganoon din naman ang pagkilala sa sentralismo at disiplina. Ang ating hukbo ay tapat sa Komite Sentral ng ating Partido at sa paglilingkod sa mga mamamayan.

Matagumpay at buong pananabik na pamalagiang idinaraos ang mga buhay na pag-aaral at paggamit ng Mga Sipiping Pangungusap ng Tagapangulong Mao Tsetung at ang mga pulong ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili na siyang dumidilig sa patuloy na pag-unlad ng pagkakaisa sa pagitan ng mga mandirigma at pinuno, sa hanay ng mga mandirigma, sa pagitan ng hukbo at Partido, at sa pagitan ng ating hukbo at ng mga mamamayan. Kaya't ang ating hukbo ngayon ay malalim na nakaugat at nakasalalay sa malawak na masa. Sa halos lahat ng dako, buong pananabik nila tayong hinihintay. Ang ating hukbo ay matagumpay na nakapagsasagawa ng mga gawaing pagmumulat, patuloy na nakapagbubuo ng maraming organo ng kapangyarihang pampulitika sa iba't ibang pook at puspusang nakakatulong at naglilingkod sa mga mamamayan.

At sa loob din ng nakaraang dalawang taon, patuloy at matagumpay nating nabibigo ang mga mababangis at iba't ibang anyo ng sunud-sunod na kampanya ng "pagkubkob at panunupil" ng mga kaaway at nakapagsasagawa pa tayo ng maraming kontra-operasyon na may iba't ibang laki na pawang nakapagdulot ng maririing dagok, demoralisasyon at panghihina sa kaaway. Mahigit na 300 sundalong kaaway, mga papet na tropa, mga sundalong Amerikano, mga espiya, BSDU at mga masasamang elemento ang ating nalipol. Nakawasak at nakasira tayo ng ilang sasakyang panghimpapawid at pangkatihan ng kaaway; at nakasamsam tayo ng maraming sandata at kagamitang pandigma.

Sa kabuuan, sa nakaraang dalawang taon, tayo ay napanday sa mga pagpapakasakit at panganib. Napanday tayo sa mga rebolusyonaryong pagsasagawa at pakikitunggali at nasubukan natin ang katumpakan ng mga rebolusyonaryong teorya, patakaran, at programang pang-estratehiya at pantaktikang binalangkas ng ating rebolusyonaryong Partido.

Sa katunayan, sa loob ng dalawang taon, nagkamit tayo ng maraming maningning na tagumpay, subalit hindi tayo dapat magkasya sa mga tagumpay na ito. Di-maitatanggi na kung higit tayong nagsikap, naggumiit at

nagpakahusay sa lahat ng ating gawain, tiyakang higit pa rito ang makakamit nating mga tagumpay. Bukod dito, kung ibabatay natin ang mga tagumpay na ito sa kabuuang kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan at sa mga gawain at tungkuling nakaatang at naghihintay pa sa atin, lubhang napakaliit at bahaging tagumpay lamang ang mga ito.

Higit na malawak na mamamayan ang hindi pa naoorganisa at napakikilos. Ang malawak pang dako ng kapuluan ay hindi pa natin naaabot at napagtatayuan ng mga baseng gerilya at rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika. Sa kabilang dako, ang ating mga kaaway ay lubha pa ring malakas kaysa atin. Sa isang salita, higit pang maraming mamamayan ang hindi pa natin naaabot at tuwirang napaglilingkuran. Upang magawa natin ito, kinakailangang ipagtanggol at patibayin pa natin ang kalagayang atin nang naabot at nasaklaw; at kahit na mapagtagumpayan natin ito, hindi pa ito ang wakas ng rebolusyon. Sa malawakang pananaw, marami pang mga mamamayan sa buong daigdig ang pinagsasamantalahan at ginigipit ng mga imperyalista at mapagsamantalang uri. Kaya't ang kinabukasan ng ating mga kababayan at ang katuparan ng ating tungkuling internasyonalista ay nakasalalay sa ating mga panimulang tagumpay at sa puspusang pagpapatuloy ng mga tagumpay na ito.

Dapat tayong maging handa sa pagharap sa ibayong pagpapakasakit, panganib at kahirapan, at pangibabawan at pagtagumpayan ang mga kahirapan at pagpapakasakit.

Kaya't kinakailangan pang higit na pataasin at pahusayin ang ating kakayahang lumaban, magbalangkas at gumamit ng mga tamang kaparaanan sa pakikidigmang gerilya. Ang ating mga kasamang kumander at mandirigma ay kailangang mag-ukol ng maraming panahon sa pag-aaral ng siyensiya-militar sa pamamagitan ng puspusang pagsusuri sa mga katangian ng ating operasyong gerilya at tuloy paunlarin at pahusayin ang ating estilo ng pakikihamok. Ang ating mga hiwa-hiwalay na armadong pangkat pampropaganda (APU), ang bawat mandirigma at kumander, sana'y maging binhi pa ng maraming mahuhusay na kumander at mandirigma, maging binhi pa ng maraming sandata ang hawak nilang mga sandata sa pamamagitan ng paglipol sa kaaway at pag-agaw o pagsamsam ng mga kagamitan sa kaaway.

Palawakin at palaganapin natin ang pakikidigmang gerilya sa lahat ng posibleng dako ng kapuluan, magbuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mga mamamayan at patatagin at ipagtanggol ang mga ito at lumahok sa produksiyon at sa pagpapalaganap ng kulturang rebolusyonaryo at proletaryo.

At upang makayanan natin ang mga pangkasalukuyang atas at tungkuling ito, pangunahing kinakailangang pahusayin at paunlarin ang ating ideolohiya at pulitika, pataasin at paunlarin ang ating pag-aaral sa mga rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at bigyan ng buhay ang mga ito sa pamamagitan ng masigla at masigasig na pagsasagawa, pag-aralan ang mga rebolusyonaryong karanasan mula sa iba't ibang bayan at lalo na ang ating mga karanasan nang sa gayo'y makayanan nating balikatin ang mga tungkuling panghinaharap.

Ika-29 ng Marso, 1971

* * *

## ULAT NG RADYO PEKING TUNGKOL SA MGA TAGUMPAY NG BAGONG HUKBONG BAYAN SA NAKARAANG DALAWANG TAON

Isinahimpapawid kagabi (Marso 29) ng Radyo Peking ang isang ulat na pinamagatang "Ang Bagong Hukbong Bayan ng Pilipinas Ay Lumikha ng Isang Napakainam na Rebolusyonaryong Kalagayan sa Nakaraang Dalawang Taon". Ang ulat ay bilang paggunita sa ikalawang anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan.

Narito ang buong ulat:

Sa nakaraang dalawang taon, sa ilalim ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan ng Pilipinas ay nagbunsod ng magiting na pakikibaka sa imperyalismong Amerikano at mga reaksiyonaryong

Pilipino at lumikha ng napakainam na rebolusyonaryong kalagayan sa pamamagitan ng baril.

Ang Bagong Hukbong Bayan ng Pilipinas ay itinatag noong Marso 29, 1969 sa gitna ng rebolusyonaryong pakikitunggali ng masa ng mga mamamayan pagkaraan ng muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa nakaraang dalawang taon, ang Bagong Hukbong Bayan ay mabilis na lumaki at lumakas sa gitna ng maalab na apoy ng rebolusyonaryong pakikidigma. Sa pamamagitan ng pleksibleng estratehiya at taktika ay dinurog ng hukbong ito ang di-kukulangin sa pitong ulit na kampanyang pagkubkob at paglipol" na pangmilitar at operasyong "paglilinis" na ibinunsod ng reaksiyonaryong hukbo ng Pilipinas na dito'y nakalipol sila ng isang pangkat ng mabisang lakas ng kaaway at nagkamit ng napakalaking tagumpay sa digmaan.

Ayon sa ulat ng Ang Bayan, tagapamansag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, sa unang taon pagkaraang itatag ito, ang Bagong Hukbong Bayan ay mahigit sa walumpung ulit na nakipagsagupaan sa mga reaksiyonaryong hukbo ng Pilipinas na dito'y nakalipol sila ng mahigit na dalawandaang kaaway. Kabilang dito ang labinpitong tropang panalakay ng Estados Unidos. Sa ikalawang taon, ang bilang ng pakikipagsagupaan ng Bagong Hukbong Bayan at ang bilang ng sundalong kaaway na nilipol ng Bagong Hukbong Bayan ay naragdagan nang malaki kaysa sa unang taon at nakapagpabagsak pa sila ng isang helikopter ng kaaway at nakapinsala ng isa. Noong Mayo hanggang Hulyo ng nakaraang taon, dinurog ng Bagong Hukbong Bayan ang malakihang operasyong "paglilinis" ng kaaway sa malawak na purok sa Gitnang Luson. Nakalipol sila ng mahigit sa limampung sundalo ng kaaway. Dahil dito'y takot na takot ang mga kaaway. Kasunod nito, sa gitna ng pakikibaka sa kampanyang "pagkubkob at paglipol noong Setyembre at Oktubre ay nakapatay sila ng isang kumander na may ranggong tenyente koronel at ilan pang opisyal ng papet na pamunuan at isang opisyal ng hukbo ng Estados Unidos. Noong Disyembre 29 ng nakaraang taon, matagumpay na sinalakay ng Bagong Hukbong Bayan ang taguan ng armas ng akademya-militar ng kaaway at dito'y nakasamsam sila ng maraming sandata. Sapul sa taong ito, ang Bagong Hukbong Bayan ay patuloy at malimit na umaatake sa kaaway at nagkakamit ng mga bagong tagumpay sa labanan.

Sa nakaraang dalawang taon, ang saklaw ng pakikibaka ng Bagong Hukbong Bayan sa mga kaaway ay lalong lumawak at nakapagtipon sila ng karanasan sa pakikidigma sa kabundukan at sa kapatagan. Sa simula ay hiwalay at bukod-bukod na nililipol nila ang kaaway. Ngayon naman ay ganap na nalilipol nila sa isang sagupaan ang isang iskuwad ng hukbong regular o isang platun ng PSDU ng kaaway.

Ang apoy ng sandatahang pakikitunggali ng mga mamamayan na sinindihan sa bayan ng Capas, lalawigang Tarlac sa Gitnang Luson noong may dalawang taon na ang nakalilipas ay kumakalat na ngayon hanggang sa ibang purok ng kabukiran ng Gitnang Luson, Hilagang Luson, Timog Luson at iba pang lugar. Nagtutustos man ang imperyalismong Amerikano sa mga reaksiyonaryong Pilipino ng malaking tulong na pangmilitar, at kahit na lalong dumaraming tagapayo ng hukbong panalakay ng E.U. ang personal na namumuno sa labanan, hindi nila mahahadlangan ang mabilis na pag-unlad ng rebolusyonaryong sandatahang pakikitunggali ng mga mamamayan ng Pilipinas.

Sa nakaraang dalawang taon, ang Bagong Hukbong Bayan ay mahigpit na nakipag-ugnayan sa masa sa mga nayon at itinayo at pinalawak nila ang mga purok-gerilya sa pundasyon ng pag-asa sa sariling lakas. Noong nakaraang taon, sa pag-alinsunod sa tagubilin ng Partido Komunista ng Pilipinas tungkol sa pagtatayo ng matatag na rebolusyonaryong base, ang Bagong Hukbong Bayan ay nagtayo ng mga pansamantalang komite sa organisasyon at ng matagal-tagal na rebolusyonaryong komite sa mga nayon ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng kanilang pakikitunggali ay tumaas ang kamulatang pampulitika ng malawak na masang magsasaka at maraming kabataang magsasaka ang masiglang lumahok sa Bagong Hukbong Bayan bilang pagtugon sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Lubos na pinahahalagahan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang pagpapatatag na pampulitika ng Bagong Hukbong Bayan at nagbibigay ito ng edukasyong pang-ideolohiya sa mga kadre at mandirigma. Upang isanib nang lalong

mabuti ang teorya ng Marxismo-Leninismo sa partikular na pagsasagawa ng rebolusyon ng Pilipinas, hinihiling pa ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kasapi ng Partido, kadre at mandirigma na pag-aralan ang kasaysayan ng tunggalian ng dalawang linya sa loob ng Partido Komunista ng Pilipinas, unawain ang nakaraan at kasalukuyang kalagayan ng lipunan ng Pilipinas at ibunsod hanggang wakas ang kilusang pagwawasto laban sa rebisyonistang taksil na pangkating Lava at bandidong pangkating Taruc-Sumulong.

Pagkaraan ng dalawang taon, ang Bagong Hukbong Bayan ay nagtatamasa ng lalong mataas na prestihiyo sa hanay ng mga mamamayan sa lunsod at kanayunan ng Pilipinas at kinakatigan at minamahal ito ng mga mamamayan. Tinukoy ng opinyong publiko sa Maynila na ang Bagong Hukbong Bayan ay nakikibaka hindi alang-alang sa kapakanan ng kakaunting tao kundi alang-alang sa rebolusyonaryong mithiin at sa kapakanan ng malawak na masa ng sambayanan. Ang ganitong hukbong bayan ay pag-asa ng mga mamamayan ng Pilipinas sa pagpapalaya.

Sa kasalukuyan, napakainam ng kalagayan ng rebolusyonaryong sandatahang pakikitunggali ng mga mamamayan sa Pilipinas. Tulad ng tinukoy ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, binuksan na ang landas ng maalab na sandatahang rebolusyon at ang siklab ng sandatahang pakikibaka ay nagliliyab na sa kaparangan. Kung ang mga mamamayan ng Pilipinas ay maggugumiit sa pangmatagalang digmaang bayan, tiyak na magkakamit sila ng ganap na tagumpay sa kanilang pambansang demokratikong rebolusyon.

* * *

## BALIK-ARAL SA KASAYSAYAN NG BAGONG HUKBONG BAYAN

Ni Kasamang E. Tagumpay

Ipinagbubunyi natin ang araw na ito, ang ikalawang taong pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan. Ang dahilan ng pagbubunying ito ay malinaw. Ang Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ay itinatag upang ipagpatuloy na ipakipaglaban ang makatarungang adhikain ng mga aping mamamayang Pilipino na lumaya mula sa mapagsamantalang paghahari ng imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa ilalim ng pamamatnubay ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung, tayo ay nagkamit ng maraming tagumpay sa loob lamang ng dalawang taon na nagpaantig ng damdamin at naghasik ng kaunawaan sa maraming naaaping mamamayan upang kilanlin ang Bagong Hukbong Bayan na kanilang sariling hukbo. Sa kabilang dako, ang kagitingan at katatagan ng ating mga mandirigma sa pakikilaban ay naghasik ng pangamba at takot sa mga kaaway na uri. Batid nila na bilang na ang panahon ng kanilang pamamayani, na patuloy ang kanilang pagbulusok at tiyak ang lubos na pagkalipol.

Samakatwid, tayo ang hukbo ng pinagsasamantalahang manggagawa, magsasaka at lahat ng mga rebolusyonaryong uri. Tayo ay nabuo sa layuning maglingkod sa mga mamamayan at kailanman ay di natin nilabag ito. At bukod dito, upang mahango ang masang Pilipino sa kinasasadlakan nitong bulok na lipunan, layunin nating lubos na durugin ang lumang lipunan sa pamamagitan ng isang sandatahang pakikibaka, ng isang digmaang bayan na tanging maaaring matagumpay na makapagkakamit sa mithiin nating bago, malaya, makatarungan at maunlad na lipunan. Batid natin na liban sa pamamagitan ng isang sandatahang pakikitunggali, magiging isang panaginip lamang ang ninanais nating bagong Pilipinas; magiging panaginip lamang ang pagkakapantay-pantay, kasaganaan, lubos na katiwasayan at kapayapaan, at katarungan.

Sagana tayo sa karanasan upang patunayan na ang pang-aapi, ang karahasan ng mga mapagsamantalang uri ay hindi magwawakas maliban sa pamamagitan ng kaukulang dahas mula sa hanay ng mga rebolusyonaryong uri tulad ng mga manggagawa at magsasaka. Makatotohanan ang wika ni Kasamang Mao Tsetung na "ang kapangyarihang pampulitika ay nagmumula sa baril". Ang kontra-rebolusyonaryong karahasan ay maaaring wakasan lamang ng rebolusyonaryong karahasan; ang digmaang pananalakay ay maaaring pigilin lamang ng

digmaang pagpapalaya; at ang tunay na kapayapaan ay makakamit lamang sa pamamagitan ng digmaan. Ang mga kaisipang ito ay makatotohanang kaisipan. Ating pinaninindigan at isinasakatuparan ang rebolusyonaryong kaisipang ito ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Sa katunayan, ang Bagong Hukbong Bayan ay ang kongkretong kapahayagan ng maigting na tunggalian ng mga uri sa ating lipunan, ng mapanghimagsik na kaisipan ng mamamayang Pilipino at ng pagsalungat nila sa lahat ng mapanlinlang na pamamaraan--ang ibig tukuyin ay ang mapayapa o repormistang pamamaraan. Kung kaya't masasabi natin na ang Bagong Hukbong Bayan at ang paglulunsad nito ng sandatahang pakikibaka ay pagpapatuloy lamang ng sandatahang pakikibaka ng mga mamamayang Pilipino simula noong Marso 29, 1942 sa pamamatnugot ng Partido Komunista ng Pilipinas. Nagdulot sa atin ng mayamang karanasan ang mahabang panahong ito ng pakikibaka. Nakaipon tayo ng mahahalagang aral mula sa kanilang mga tamang pagkilos at gayon din naman, mula sa kanilang mga maling pagkilos na siyang pansamantalang nagsadlak sa kilusan sa pagkabigo. Kailangang bigyan natin ng masusing pansin ang mga ito sapagkat binuwisan ito ng maraming buhay ng ating mga kauring manghihimagsik. Ang mga mayamang aral na ito na binibigyang-liwanag ng mga prinsipyong nilagom sa rebolusyonaryong karanasan ng uring proletaryado sa buong daigdig--ang rebolusyonaryong ideolohiya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung--ang maghahatid sa atin sa lubos na tagumpay. Ang pagsalangsang o pagsinsay sa mga prinsipyong ito ay maghahatid sa atin sa muling pagkabigo. Pag-aralan nating mabuti ang mga ito at isagawa. Bakahin natin ang mga maling hibo sa ating sinapupunan at tayo ay hindi malilihis sa landas.

Sariwain natin sa ating ikauunlad ang mga pangunahing aral na ito na naging patnubay sa mga tagumpay na nakamit natin sa loob ng dalawang taon. Ang madaling pagkatuto at pagbabago ng ating hanay ay isang pag-unlad natin sa kapakanan ng hinaharap na pakikibaka. Anu-ano itong mahahalagang aral na kailangang muling banggitin?

Sa kabuuan, ang malaking pagkakamali ng liderato ng lumang partido ng pagsasanib sa pagkilos nito ay ang kawalan ng malalim na pagkaunawa sa tatlong pinakamahalaga at di-mapaghihiwalay na mga bagay: ang sandatahang pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng mga base sa kanayunan. Kung uugatin ang pinagmumulan ng mga kamaliang ito, tiyakang masasabing ang kadahilanan ay ang kawalan ng tumpak na pagkaunawa ukol sa tunggalian ng mga uri at ukol sa kalikasan ng reaksiyonaryong pamahalaan o estado na pinaghaharian ng mga mapagsamantalang uri. Kung kaya't sa unang pagkakataon, nahayag ang kanang oportunismo sa anyong pagtitiwala sa mapanlinlang at mapang-akit na patakaran ng reaksiyonaryong pamahalaan. Mula noong 1930 hanggang 1942 may pagtitiwalang ginawa nilang sentro ng kilusan ang kalunsuran samantalang dito rin pinakamalakas ang kapangyarihan ng estado at hindi naglunsad ng sandatahang pakikibaka sa kanayunan. Tulad ng dapat asahan, ang mariing dagok ng panunupil ng imperyalistang Amerikano at alipuris nito ay hindi nila naiwasan na ikinasalanta ng maraming kasama. Datapuwat nang maitatag ng Partido ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) ang mariing dagok na inilunsad ng mga pasistang Hapones sa Bundok Arayat, sentro ng pakikidigmang gerilya, ay nagbunga ng kanang oportunismo sa anyong takboismo o pagiging matakutin sa kaaway. Ito ay nahayag sa patakarang "umurong upang magtanggol" na naging sanhi ng pagbuwag ng mga "squadron" sa maliliit na magkakahiwalay na yunit samantalang hinihingi ng kalagayan ang pagtitipon ng puwersa upang lipulin ang mga nakahiwalay na puwersa ng imperyalismong Hapones. Kung ito man ay iniwasto, sa huling bahagi na lamang ng digmaan ito ginawa.

Ang kanang oportunismo ay muling naulit nang bumalik ang imperyalismong Amerikano matapos ang pananakop ng imperyalismong Hapones. Walang pakundangang nagsalong ng sandata ang mga namamatnugot sa HUKBALAHAP sa imperyalismong Amerikano at reaksiyonaryong pamahalaan at iniwan ang sandatahang pakikibaka sa pag-aakalang maipagpapatuloy ang kilusan sa lunsod sa anyong mapayapa at sa parlamentaryong pakikibaka. Dahil dito, muling naibalik ng imperyalismong Amerikano ang lumang kaayusan sa pamamagitan ng pagbabalik sa mga asendero sa kanayunan pati na ang malupit nitong piyudal na pamamalakad at ang tuwirang paghahari ng mga imperyalista. Ang kamalian ding ito ang naghatid sa "squadron 77 at 99" sa pagkalipol, isang napakabigat at di-kinakailangang pagpapakasakit ng buhay ng mga mandirigmang

manggagawa at magsasaka. Ito ay bunga ng maling pagtitiwala ng mga taksil na Lava at Taruc sa mga imperyalistang Amerikano.

Ang matinding panunuksa ng mga reaksiyonaryong hukbo sa mga mamamayan ang siyang muling nagtulak sa mga uring manggagawa at magsasaka upang buong giting na ipagpatuloy ang sandatahang pakikibaka. Datapuwat sa pagkakataong ito, kumiling ang di-mulat na liderato sa pangunguna ni Jose Lava sa maling linyang pangmilitar na batay sa "kaliwang" oportunismo, ang ibig sabihi'y abenturismo o padalus-dalos na pagkilos (pagkat di batay sa tamang pagtantiya sa lakas ng imperyalismong Amerikano at reaksiyonaryong hukbo). Nalantad ang suhetibong kamaliang ito sa iba't ibang anyo tulad ng pangingibabaw ng lantay-militar na pananaw sa hukbo sa halip na pangibabawin ang pulitika. Dahil dito, inakala nila na kayang mapabagsak ang kaaway sa loob lamang ng dalawang taon samantalang sa katotohanan ay hindi pa lubos na nakapagpapalawak ang kilusan sa buong bayan at hindi pa rin nakaugat sa mga nakararaming mamamayan, isang mahalagang kinakailangan sa paglulunsad ng pangmatagalang digmaan. Agad-agad silang naglunsad ng mga pananalakay sa mga kabayanan at kalunsuran. Sa kabilang dako, naging patakaran ng liderato na huwag sasalakayin ang mga kawal ng imperyalismong Amerikano. Ito ay isang hayag na palatandaan ng nananatiling hibo ng kontra-rebolusyonaryong paniniwala na ang Estados Unidos ay bumalik sa Pilipinas upang pangalagaan ang "demokratikong kapayapaan".

Ang malubhang ibinunga ng linyang abenturista ay ang sukdulang pagkakagamit sa mahina pang puwersa ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB) kung kaya't nang dumating ang unos ng ganting-salakay ng minamaliit na kaaway sa tulong ng imperyalismong Amerikano, hindi nila ito nakayanang batahin. Ang mga sunud-sunod na kampanyang "pagkubkob at panunupil" ay naghatid ng pagkatalo, panlulupaypay ng kalooban sa paglaban, pagkakawatak-watak ng mga yunit, at ng mga sunud-sunod na pagsuko. Pagkat di napag-ukulan ng pansin ang pagtatayo ng matibay na mga baseng gerilya sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo, humantong ang kapinsalaan sa yugtong ang mga nalalabing hukbong watak-watak ay naging mistulang pangkat na lagalag na naghasik ng lagim sa mga mamamayan tulad ng mga bandido, sa paraang pagmamalabis sa masang kanilang pinangakuang paglilingkuran hanggang kamatayan. At ito ay naging daan na rin upang sila ay mabilis na malipol ng kaaway. Samantala, ang lideratong naghatid sa maraming magigiting na kasama sa bangin ng pagkalipol ay hindi man lamang nagtangkang gumawa ng paraan upang matuwid ang kamalian, bagkus ay dinagdagan pa. Sa pangunguna ng taksil at kontra-rebolusyonaryong Jesus Lava, tuluyang binuwag ang hukbo at ang mga dating namamatnugot ay isa-isang nagsipagtago. Ipinagmatuwid nila na ang pakikibaka ay nararapat muling ibalik sa paraang mapayapa, legal o parlamentarista.

Ang kanang oportunismo at "kaliwang" oportunismo ay nagsanga pa ng maraming kamalian na likas sa di-proletaryong liderato tulad ng maling ugnayan sa pagitan ng mga pinuno at mga kawal, gayon din naman sa pagitan ng hukbo at ng mga mamamayan. Pinairal ng mga namamatnugot ang malalang anyo ng komandismo, paggamit ng kamay na bakal sa maliliit na pagkakamali, paboritismo o pagkiling sa mga kamag-aral, ka-lalawigan o kapangkat, pagkakapangkat-pangkat, liberalismo at iba pa. Sa mamamayan naman ay paminsala, pagmamalabis, pamamanginoon, lalo na sa mga baryong napaghihinalaang tumulong sa kalaban sa halip na akitin ang mga ito sa pamamagitan ng mahinahong pagmumulat. Nagpapahiwatig ng kawalan ng pagkaunawa na ang hukbong bayan ay may katungkulan ding gumanap ng gawaing pagmumulat at produksiyon.

Ang mga gintong aral na dapat bigyan nating pansin ay ang mga sumusunod: Una, sandatahang pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikitunggali at ito ay hindi mababago habang di-lubos na nadudurog ang kapangyarihang pampulitika ng kaaway na uri. Samakatwid, ang Bagong Hukbong Bayan ang pangunahing organisasyon ng Partido upang maisakatuparan ito at makamit ang demokratikong pamamahala ng mga rebolusyonaryong uri. Kaugnay rin nito, tungkulin nating palakasin ang sandatahang lakas ng mga mamamayan upang lubos na magapi ang uring kaaway. Ang anumang kaisipan na salungat dito ay kontra-rebolusyonaryo na kailangang bakahin. Pangalawa, batay sa tamang pagsusuri ng mga kalagayan dito sa ating bayan, ang ating pakikidigma ay pangmatagalan kung kaya't kailangan tayong magpalawak sa buong kapuluan. Sa tuwirang salita, magtatag tayo ng maraming baseng gerilya nang higit pa

sa naitatag natin. At upang maisakatuparan ito, masigla nating paramihin ang ating mga kadre sa loob ng hukbo na handang sumulong sa pagpapakasakit, maglingkod sa mamamayan nang buong puso at kaisipan, at mag-alay ng kamilang buhay sa pakikibaka. Kaya't may pagpupunyaging pag-ibayuhin natin ang ating pag-aaral ng rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung at pagpapahusay ng ating paggawa at estilo sa paggawa. Pairalin natin ang demokratikong sentralismo. Isakatuparan natin ang demokrasya sa loob ng hukbo at ang mahalagang gawain ng pamumuna at pagpuna-sa-sarili. Buhayin natin ang diwang komunista. Gawin nating tunay na digmaang bayan ang pakikilaban natin sa mga kaaway. Isaalang-alang natin ang mga ito habang patuloy nating isinasagawa ang kilusan sa pagwawasto sa loob ng hukbo na taglay ang diwang "matuto sa mga kamaliang nagawa sa nakaraan upang iwasan ang pagkakamali sa hinaharap" at "lunasan ang sakit upang mailigtas ang maysakit". At upang lubusang mabago ang hukbo, ating iwaksi ang mga bulok na elemento sa ating sinapupunan at kumuha tayo ng matitipunong salin sa ating puwersa. Kung ganoon, may kasigasigan at katatagan nating matutupad ang tungkuling buwagin ang muog ng imperyalismong Amerikano, katutubong piyudalismo at burukratang kapitalismo sa pamamatnubay ng ating Partido na naninindigan sa rebolusyonaryong teorya ng Marxismo-Leninismo-Kaisipang Mao Tsetung.

Ang ating mahusay na pagganap sa ating mga tungkulin ay siya na ring pakikipagkaisa at pagtulong natin sa mga kasamang uring api sa lahat ng dako ng daigdig upang pawiin ang pagsasamantala ng tao sa tao, lalo pa sa ikababagsak ng imperyalismong Amerikano na siyang pangunahing kaaway ng mga mamamayang nagnanais ng kalayaan, pagsasarili at kasaganaan. Sa ibang salita, ito ang ating ambag sa lubos na pagkalipol ng mga kaaway na uri at sa pagkatatag ng bagong lipunan. Makibaka tayo hanggang sa wakas!

* * *